Paraan ng pagluluto para sa Marshmallow Rice Puff Treats

Subukang gumawa nitong masarap at malagkit na **paraan ng pagluluto**.

Ang **mga sangkap** ay ang mga bagay na kakailanganin mo. Kunin ang lahat ng sangkap bago ka magsimula:

- 3 **kutsarang** mantikilya
- 4 na **tasa** ng maliliit na marshmallow o 40 na regular na laking marshmallow
- 6 na **tasa** ng ampaw na siryal

Ang Gagawin

1. Kumuha ng 9x11” na bandeha sa paghuhurno. Pahiran ang mga gilid at ilalim ng mantikilya para hindi dumikit ang treats sa bandeha.
2. Kumuha ng malaking kasirola. Idagdag ang 3 kutsarang mantikilya. Tunawin ang mantikilya sa kalan sa mahinang apoy.
3. Idagdag ang mga marshmallow sa kasirola. Haluin hanggang sa matunaw nang lahat.
4. Alisin ang kasirola sa kalan.
5. Idagdag sa halo ang ampaw na siryal. Haluin hanggang sa nahalo ang lahat.
6. Ilagay ang malagkit na halo sa bandeha sa paghuhurno. Malagkit ito!
7. Hayaang lumamig ang iyong marshmallow rice puff treats. Hiwa-hiwain ito. Mag-enjoy kasama ng iyong pamilya at mga kaibigan.

Tip na Pambata!

Tandaan, umiinit ang kalan at kasirola. Mag-ingat kapag nasa paligid nito. Makinig sa matandang tumutulong sa iyo.

Alam Mo Ba?

1 tbsp = 1 kutsara

1 tsp = 1 kutsarita

Tanda para sa Kaligtasan:

Mga Bata: Gawin lang ang paraan ng pagluluto na ito na may katulong ng isang matanda.

Mga Matanda: Maingat na bantayan ang mga bata kapag ginagawa ang paraan ng pagluluto na ito, lalo na kapag nasa paligid ng kalan at hurno.